Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Mga sagot sa Ayos ng pangungusap

Panuto: Salungguhitan ang buong paksa o simuno ng bawat pangungusap. Pagkatapos, isulat sa patlang ang titik **K** kung ang ayos ng pangungusap ay *karaniwan* o *tuwid*. Isulat ang mga titik **DK** kung ang ayos ng pangungusap ay *di-karaniwan* o *kabalikan*.

K 1. Itatayo sa lupaing ito ang bagong paaralan.

DK 2. Ang bawat aksyon ay may katapat na konsekwensiya.

K 3. Binubuo ng malalaki at maliliit na pulo ang bansang Pilipinas.

DK 4. Ang pangarap ng Mang Tony ay makatayo ng sarili niyang talyer.

DK 5. Si Vilma ay nakaipon na ng sapat na pera para sa kanyang bagong negosyo.

K 6. Nais magbakasyon sa Boracay ang mga bagong dating na turista.

DK 7. Ang mga kumot ay donasyon ng mga mag-aaral para sa mga bata sa ampunan.

K 8. Pinagtitiwalaan ang taong laging matapat sa kanyang kapwa.

DK 9. Ang magkapatid ay matiyagang nag-aaral para sa kanilang pagsusulit.

K 10. Dapat may disiplina ang mga nagmamaneho ng mga pampublikong sasakyan.

DK 11. Ang kagandahan ng isang tao ay nakikita sa kanyang mga salita at kilos.

DK 12. Sina Grace at Henry ay napiling maging mga kinatawan ng ating paaralan.

K 13. Nag-eensayo araw-araw ang mga estudyanteng magtatanghal sa programa.

DK 14. Ang matandang babae ay nagpasalamat sa binatang tumulong sa kanya.

DK 15. Ang bagong guro natin ay naghanda ng magandang leksiyon.

K 16. Humingi ng paumanhin ang batang nag-agaw ng laruan ni Beth.

K 17. Agad na natuklasan ang katotohanan tungkol sa naganap na kaguluhan.

DK 18. Ako ay magboboluntaryo para maging bantay sa darating na halalan.

K 19. Tuwing Miyerkules at Linggo lang kinukuha ang basura sa subdibisyon.

K 20. Matatalino at masisipag ang mga bagong empleyado ng opisina.